

Mga Gabay sa Multikultural na Pagkakasundo sa Pagpapaunlad sa Lungsod ng Hiroshima (Binagong Edisyon)

Pagtanggap at pagkilala sa iba't-ibang
kulturang bumubuo sa lipunan

Marso 2014
Lungsod ng Hiroshima

Paunang Salita

Noong taong 1948 ang "Universal Declaration of Human Rights*" ay pinagtibay sa pagtitipon ng United Nations, at bilang isa sa mga miyembro ng internasyonal na komunidad, noong taong 1979 ang aming bansa ay gumawa ng hakbang upang ratipikahan ang "International Human Rights Code*".

Matapos ito, ang pagkakaroon ng mga kasunduan tulad ng "Refugees Convention*", "International Convention on the Elimination of All Forms of Racial Discrimination*" at iba pa ay nasimulan at noong Hulyo ng taong 1997 ang "United Nations 10-year Domestic Course of Action for Human Rights Education*" ay pinagtibay.

Kasama dito ang "Human Rights Problems of Foreigners" bilang mahalagang tema at mabigyang daan ang mga aktibidades na magsusulong sa tamang kaalaman tungkol sa di pantay na pagtingin at diskriminasyon sa mga dayuhan.

Dagdag pa rito, ang aming bansa ay nahaharap sa populasyon na may kakaunting bilang ng mga bata at tumataas na bilang ng mga matatanda, na nagdudulot ng kakulangan sa bilang ng Labor Force, di maiiwasan ang pagdami ng mga dayuhang manggagawa dito sa bansa.

Dahil dito, mula ng mga nakaraang taon, ang Ministry of Administration ay gumagawa ng hakbang upang suportahan ang mga batas na naghihikayat sa pagdami ng mga Foreign Citizens, pagkakaroon ng simbayotikong relasyon sa pagitan ng mga dayuhan at lokal na mamamayan, at iba pa, at ang "Plano sa Pagsulong ng Simbayotikong Relasyong Multikultural (pansamantalang titulo)" ay isusulong simula sa taong 2005.

Base sa record noong Disyembre ng taong 2004, ang mga Foreign Citizens (kasama na ang mga dayuhang walang citizenship) ay may bilang na 15,197. Kahit may maroong mga hindi pagkakaunawaan sa wika at kultura, itinuturing na rin bilang mga lokal na mamamayan na nakakatulong sa ekonomiya, kultura at iba pang aspeto ng pag-unlad ng Hiroshima. Dapat lamang na isulong ang pagbuo ng lungsod na magiging kaaya-ayang tirhan para sa mga dayuhan.

Bilang karagdagan, binibigyang pansin din ang regular na pagdami ng mga dayuhang bumibisita upang mamasyal at maging ang mga dayuhang dumadalaw sa maikling panahon sa Hiroshima. It ang tinaguriang "Hiroshima Visitors Industry Strategy" kun saang isinaalang alang ang pagkakaroon ng bisita taon taon.

Sa ngayon, base sa mga pinagtibay na tuntunin at sistemang angkop dito, at sa pagsasagawa ng iba't ibang mga hakbang, ang siyudad ng Hiroshima at mga mamamayan nito ay naglalayon na maisakatuparan ang malusog at masayang pamumuhay. Ito ay para sa ikasasaya ng mga dayuhang bisita at iba pa, ayon sa simbayotikong relasyong multikultural*.

Abril 4, 2006

Mayor ng Lungsod ng Hiroshima

Tadatoshi AKIBA

Nilalaman

I	Introduksyon	1
II	Kasalukuyang Sitwasyon at mga Isyu.....	3
	1 Pagbabago ng Populasyon	3
	2 Resulta ng mga Pag-aaral sa Tunay na Pamumuhay.....	4
	3 Kalagayan at Isyu ukol sa mga Patakaran.....	8
	4 Kalagayan at Isyu Ukol sa Bagong dating at Bukod-Tanging Permanenteng Residente	15
III	Mga Layunin at Aspeto sa Pagpapaunlad ng Multikultural na Lipunan	17
IV	Mga Susunod na Hakbang sa Multikultural na Pagpapaunlad.....	18
	1 Pagpapaalam sa Lahat ng Impormasyon kaugnay sa Pamumuhay at Pag-aayos ng Organisasyong Pangkonsultasyon.....	18
	2 Suporta sa Pamumuhay, Pagbibigay ng Serbisyo ng Pamahalaan at Suporta kaugnay sa Edukasyon.....	20
	3 Pagsulong ng Edukasyon at Pagpukaw sa Karapatang Pantao	22
	4 Pagsulong sa Pakikibahagi sa Lipunan at Pag-angat ng Kamalayan sa Pakikipagsamahan ng Dayuhang Residente	23
	Mga Paliwanag.....	24
	(May karagdagang paliwanag tungkol sa mga salitang may markang * dito)	

* Ukol sa binagong edisyon

Ukol sa “Mga Gabay sa Multikultural na Pagkakasundo sa Pagpapaunlad sa Lungsod ng Hiroshima” na binalangkas noong taong 2006 (Heisei 18), isinagawa ang pagbabago sa bahagi ng nilalaman sa “II hanggang IV” ayon sa mga sumusunod na aspeto.

1 Pagsasaayos ng mga isyu sa palakad at kahilingan ng mga dayuhang residente batay sa resulta ng isinagawang “Pagsusuri ng Kalagayan ng Pamumuhay at Kamalayan ng mga Dayuhang Residente sa Lungsod ng Hiroshima” na isinagawa noong taong 2012 (Heisei 24)

2 Pagsasaayos ng mga bagong palakad mula ng pagbabalangkas ng gabay at mga itinigil na palakad

3 Pag-aaral ng bagong panukala tungo sa pagbubuo ng multikultural na lipunan sa hinaharap

I Introduksyon

Ang mga dayuhang naninirahan sa bansang Hapon ay mabilis na dumami simula noong kalagitnaan ng 1980s. Ang bilang ng mayroong “alien registration” noong 1984 na mga 841,000 ay lumago hanggang sa mga 1,915,000 ka tao noong 2003.

Samantala, ang mga dayuhang naninirahan sa Hiroshima ay dumami ng 28.2% mula sa 11,855 ka tao noong 1984 hanggang 15,197 ka tao noong 2004. Masasabing 1.33% o isa sa loob ng 75 ka tao na naninirahan sa Hiroshima ay dayuhan.

Noong 1992, itinatag sa Hiroshima ang isang sanggunian para sa karapatang pantao ng mga dayuhan. Alinsunod din dito ang paglalagay ng mga signboard at mga paalala sa wikang dayuhan (o Ingles). Nagkaroon din ng mga suportang pinansyal at iba pang serbisyo lalo na sa mga taong walang inaasahang taunang sahod o pensyon. Nagbukas din ng mga oportunidad para malayang makapagtrabaho ang mga dayuhan kasama ng mga lokal na Hapones. Bukod pa rito, mayroon ding itinalagang mga “volunteer” para sa kapakanan at pangangailangan ng mga banyaga sa Hiroshima.

Itinatag noong 1997 ang isang “Lupon ng mga Dayuhang Residente sa Hiroshima”* (pinangunahan ni Prof. Keizo Yamamoto, Hiroshima Shudo University, The Faculty of Law) para bigyang halaga ang mga pananaw ng mga dayuhan ukol sa lipunan. Sa pagpupulong na ito, may aktibong pagpapalitan ng iba’t ibang opinion at mungkahi tulad ng: (1) pagkakaroon ng permanenteng organisasyong makikinig sa mga opinyon at hinaing ng mga dayuhan, (2) pagtutuwid sa tunay na kalagayan at pamumuhay ng mga dayuhan, at (3) pagpapatupad ng mga patakarang angkop din para sa mga dayuhan.

Alinsunod sa mga mungkahi ng lupon, nabuo ang ikaapat na plano para sa Hiroshima noong 1999. Nasasaad dito ang: (1) pagpapahalaga at konsiderasyon sa pamumuhay ng mga dayuhan tungo sa pagpapaunlad ng lipunan, at (2) pagunita na ang lipunan ay binubuo ng iba’t ibang kultura at ang lahat ay dapat isaalang-alang.

Sa taong 2001, naipatupad bilang panlipunang patakaran ang mga mungkahing binuo ng “Lupon ng mga Dayuhang Residente sa Hiroshima*” (pinapangunahan ni Prof. Peter Gorlzbere, Hiroshima University, Faculty of Integrated Arts and Sciences). At sa taong 2002, ayon sa aktwal na mga pag-aaral ng tunay na kalagayan ng mga dayuhan sa Hiroshima, ay naipatupad ng ilang mga alintuntunin at patakaran (Chairman: Fumi Sadamatsu, Ass. Prof., Hiroshima Kokusai Gakuin University).

Sa pamamagitan nitong mga aktual na pagsusuri at konsultasyon at sa tulong din ng pamahalaan ukol sa karapatang pantao, mas mapapaayos ang pamumuhay ng mga dayuhan sa Hiroshima. Hindi lang nakakabuti para sa pamumuhay ng mga banyaga ang pagkakaroon ng mga ganitong alituntunin kundi higit sa lahat, maisasakatuparan ang pagtanggap at pagkilala sa isang multikultural na lipunan.


II Kasalukuyang Sitwasyon at mga Isyu

1 Pagbabago ng Populasyon


Nahahati sa dalawang malaking klasipikasyon ang mga dayuhan. May tinatawag na bukod-tanging permanenteng residente* (mga dayuhang naninirahan bago pa ng ikalawang digmaang pandaigdig) at ang mga tinatawag na “bagong dating”* (mga dayuhang hindi bukod-tanging permanenteng residente). Hanggang Disyembre 1984, mahigit 20 taon na ang nakakaraan, ang bilang ng mga “bagong dating” ay umabot ng 11,855. Ito ay binubuo ng mga sumusunod: Koreano (10,604 o 89.4 %), Intsek (398 o 3.4%), Amerikano (328 o 2.8%), Pilipino (130 o 1.1%), Braziliano (10 o 0.1%), at iba pang mga banyaga (385 o 3.2%).

Samantala, kahit na mabilis ang pagdami ng mga imigranteng dayuhan noong mga kalagitnaan ng 1980s, ito ay huminahon naman sa simula ng 1990s hanggang umabot ang bilang sa 15,197 noong Disyembre 2004. Ito ay binubuo ng: Koreano (7,362 o 48.4%), Intsek (3,469 o 22.8%), Pilipino (1,660 o 10.9%), Braziliano (678 o 4.5%), Amerikano (548 o 3.6%), at iba pa (1,480 o 9.8%). Tingnan ang Chart 1.

Chart 1. Pagbabago sa bilang may mayroong "Alien Registration" sa Hiroshima



Pagbabago sa bilang ng mga dayuhan sa Hiroshima



Sa kabuuan, tumaas ang populasyon ng mga dayuhan ng 3,342 (28.2%) mula noong


1984 hanggang 2004. Makikita sa “graph” na karamihan ng mga nasyonalidad ay dumami tulad ng mga Intsik (tumaas ng 3,071), mga Pilipino (tumaas ng 1,530) at mga taga-Brazil (tumaas ng 668) ngunit bumaba naman ang bilang ng mga Koreano (bumaba ng 3,242). Kahit na makikitang bumaba ng halos kalahati ang bilang ng mga Koreano (mula sa 89.4% ay naging 48.4%), malaki naman ang itinaas ng iba pang nasyonalidad kabilang ang mga Intsek mula sa 10.6% na naging 51.6%.

Sa katunayan, mayroong pagtaas sa bilang ng mga dayuhan sa Hirohima taon taon kung saan umabot ng 217,000 noong 2004. Tinaguriang malakas sa Hiroshima ang tinatawag na “Hiroshima Visitors Industry Strategy”* kung saang hinihikayat ang mga dayuhan para dumayo and bumisita sa bayan. Sa dahilang ito, tinatayang mas lalaki pa ang populasyon ng mga dayuhan sa Hiroshima sa susunod na mga taon.

2 Resulta ng mga Pag-aaral sa Tunay na Pamumuhay

Sa pamamagitan ng aktwal na pag-aaral at pagsusuri sa tunay na kalagayan ng mga dayuhang naninirahan sa Hiroshima, nakuha ang mga sumusunod na mga resulta. Ayon sa pag-aaral, itinatayang 97.1% ng mga Koreano halimbawa, na tinaguriang mga bukod-tanging permanenteng residente (o mga dayuhang naninirahan sa Hiroshima ng mahigit sa 20 taon) ay mananatili sa Hiroshima sa susunod pang mga taon. Para sa mga “bagong dating” naman, tinatayang halos 65.4% sa kanila ay mananatiling naninirihan sa Hiroshima (Chart 2).

Chart 2. Bilang ng mga dayuhang mananatiling maninirahan sa Hiroshima



Ayon din sa pagsusuri, mayroong 82.9% ng mga dayuhan ang nag-aalala tungkol sa diskriminasyon sa trabaho, karapatang politikal, pagpapakasal, o sa tirahan (Chart 3 at 4).

Chart 3. Diskriminasyon sa mga dayuhan





Chart 4. Lugar ng diskriminasyon



Resulta din ng pag-aaral ang kakulangan ng kakayahang pangkomunikasyon ng karamihan sa mga sanggunian at mga tanggapan sa lungsod. Ang mga dayuhang hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon, kahit pa na mayroong importante na dapat ikonsulta, ay kadalasang hindi naiintindihan at hindi rin makapahayag ng maayos. Sa dahilang ito, iminumungkahi ang pagkakaran ng mga tanggapan may kakayahan sa iba't ibang wika (Chart 5 at 6).

Chart 5. Kahalagahan ng kakayahan sa ibang wika ng mga tauhan sa pamahalaan





Chart 6. Kahalagahan ng marunong ng wikang dayuhan sa mga tanggapan



May mga bagay bagay din sa lipunan na hindi alam ng karamihang dayuhan tulad ng mga serbisyong pangkabuhayan at pampubliko na dapat ay mapakinabangan din nila. Ngunit ito din naman ay unti-unting nauunawaan at nagiging malinaw para sa mga dayuhang residente (Chart 7 at 8).

Chart 7. Kaalaman ng mga dayuhan tungkol sa mga serbisyo ng pamahalaan





Chart 8. Kaalaman ng mga dayuhan tungkol sa mga publikong pasilidad



Bukod pa dito, ang iba pang importanteng impormasyon lalo na tungkol sa transportasyon, medikal, trabaho at buwis ay unti-unting nalalaman at naiintindihan.

3 Kalagayan at Isyu ukol sa mga Patakaran

Sa kasalukuyan, ang lungsod ng Hiroshima ay nahaharap sa mga sumusunod na mga sitwasyon at mga isyu.

(1) Konsultasyon at pagbibigay ng impormasyon

Sa lungsod ng Hiroshima, nagsisikap para sa paglalagay ng serbisyo ng awtomatikong pagsasalin ng homepage, pagsasalin sa iba't ibang wika ng homepage at leaflet ng mga pampublikong pasilidad, paggawa at pamamahagi ng patnubay sa pamumuhay para sa mga dayuhang residente sa lungsod, pagsasalin sa iba't ibang wika ng leaflet tungkol sa pagpigil sa karahasan sa tahanan (“domestic violence” o DV), pag-iwas sa sakuna sa panahon ng kagipitan, gabay sa pagpasok sa paaralan atbp.

Sa International Exchange Lounge ng International Conference Center Hiroshima, mayroong “Panulukan ng Konsultasyon sa Pamumuhay para sa mga dayuhang residente sa lungsod ng Hiroshima” kung saan nagsasagawa ng konsultasyon ukol sa pamumuhay sa wikang Ingles, Instik atbp, at nagsasagawa rin ng pagsasalin sa pamamagitan ng telepono (3-person interpretation system: Triophone) sa wikang Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges at 10 pang wika. Sa homepage naman ng Hiroshima Peace Culture Foundation, inilalagay ang impormasyon ukol sa pamumuhay sa 5 wika, at inilalathala ang “Hiro Club News” (Ingles) kung saan naglalagay ng pagsipi mula sa “Mga Residente at Pamahalaan ng Lungsod ng Hiroshima” (*Hiroshima shimin to shisei*).

Sa Hiroshima Peace Memorial Museum, nagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng leaflet na nakasulat sa 10 wika at “voice guide” sa 17 wika.

Bukod dito, sabay ng paggawa ng “Hiroshima Pocket Peace Guide” sa 4 wika, at ng “Wastong Pagtapon ng Basura sa Tahanan” sa 5 wika, isinusulat din sa alpabeto ang mga karatula sa kalsada at iba pa.

Subalit dahil mababa sa pangkalahatan ang porsyento ng kaalaman at porsyento ng paggamit ng serbisyo sa iba't ibang wika ng lungsod ng Hiroshima (porsyento ng kaalaman: Panulukan ng Konsultasyon sa Pamumuhay 34.9%, Triophone 17.5%, Patnubay sa Pamumuhay 35.1%) at hindi sapat ang pagsasalin sa iba't ibang wika sa pagbibigay ng impormasyon, kinakailangang pag-aralan ang pagsasalin sa iba't ibang wika, lugar at pamamaraan ng pagbibigay ng impormasyon para sa mga dayuhang residente na hindi sanay sa wikang Hapon.

Kailangan ding isulong ang pagbuo ng information network tulad ng pagdikit ng magkaayong link sa “Hiroshima City Homepage” at sa homepage ng Hiroshima Prefecture at iba pa, at ang pagsasalin sa iba't ibang wika ng mga panandang panggabay sa loob ng gusali ng mga pampublikong pasilidad.

At upang maisaganap ang Hiroshima na pinupuntahan ng libo-libong bisita, kailangan ding pagbutihin ang pagbibigay ng impormasyon tulad ng karatulang panturismo, pamphlet na panturismo at panggabay na tumutugon sa mga dayuhang turista at iba pang panandaliang nananatili.

(2) Kalusugan, pagpapagamot, pagkakawanggawa at pensyon

Nagpapadala ng tagasalin (interpreter) para sa proseso ng pagsisiyasat ng pagpapahintulot ng long-term care insurance (*kaigo hoken*), ngunit kinakailangang ipaalam sa lahat ang ganitong serbisyo ng pamahalaan at pag-aralan ang suportang naaayon sa pangangailangan at tunay na kalagayan ng mga residenteng dayuhang may kaugnayan sa serbisyong pangkalusugan at serbisyong pangkawanggawa.

Mula sa pamamahagi ng “Talaan ng Kalusugan ng Mag-ina” (*Boshi Kenkō Techō*) sa 8 wika, ginagawa at ipinamamahagi rin ang “Palatanungan para sa Pagtingin ng Kalusugan ng Sanggol” (5 wika), “Gabay sa mga Day Care Center (*Hoikuen*)” (6 wika), pamphlet panggabay sa sistema ng long-term care insurance (3 wika), “Handbook ukol sa Suporta sa Pang-araw-araw na Pamumuhay (*Seikatsu hogo*)” (wikang Intsik) at iba pa.

May ibinibigay ring benepisyong lungsod para sa mga residenteng dayuhan at nanumbalik sa bansa (returnees) na hindi maaaring tumanggap ng benepisyong ilalim ng Batas hinggil sa Pambansang Pensyon (kasama ang dating batas).

Ngunit dahil hindi sapat ang pagpapaalam sa lahat ng taong nangangailangan ng ganitong sistema, kinakailangang pag-aralan ang pagpapahayag sa publiko upang malaman ng lahat ukol sa serbisyo ng pamahalaan, pagsasalin sa iba’t ibang wika ng gabay sa sistema, at ang organisasyong pangkonsultasyon tulad ng pag-aalaga sa mga senior citizen na dayuhang hindi nakakabasa at nakakasulat. At ukol sa mga institusyong medikal, may nagsasabing “Hindi kami magkaintindihan,” “Hindi ko alam kung saan ang institusyong medikal,” at kinakailangang pag-aralan ang pagpapabuti ng pagbibigay ng impormasyon sa mga dayuhang hindi sanay sa wikang Hapon.

(3) Pag-iwas sa sakuna at emergency

Bukod sa pagpapahiram ng “Video ng Gabay sa Pag-ulat ng Emergency sa 119” na ginawa sa 5 wika, pamamahagi ng ginawang pamphlet para sa emergency at pag-iwas sa sakuna (5 wika), isinasagawa rin ang paghahanda ng “Emergency Card para sa mga Dayuhan” sa 15 wika, pagsusulat sa iba’t ibang wika ng karatula ng lugar na maaaring paglisanan atbp, paggawa ng “Sheet para sa Lumisang Dayuhan” (6 wika: kasama ang madaling wikang Hapon (nakahayag sa wikang Hapon na madaling maintindihan pati ng dayuhan. Ganito rin sa sumusunod)), paglabas ng impormasyon sa homepage at iba pa.

Sa pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna, upang maisulong ang paglahok ng mga residenteng dayuhan, namamahagi ng flyer sa wikang dayuhan at may hiragana, at nakalagay rin sa wikang dayuhan at may hiragana ang pananda sa lugar kung saan isasagawa ang pagsasanay. Isinasagawa rin ang pagsulat sa iba’t ibang wika (5 wika) ng mga pananda sa mga pang-emergency na pasilidad na paglilisanan at pagsisilungan sa oras ng pagbaha.

Ngunit kinakailangan ang pagsisikap para makalahok ang mga residenteng dayuhan sa pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna sa pook, kondominyum atbp, at ang

pag-aaral kung paano tiyak na maipapaalam sa mga dayuhang residente ang impormasyon sa oras ng sakuna, payo at utos ng paglisan at iba pa.

Mahalagang isyu ang pagbibigay ng impormasyon at pagtugon sa konsultasyon sa iba't ibang wika lalo na para sa mga panandaliang nananatili tulad ng mga bagong dating na hindi sanay sa wikang Hapon at turistang dayuhan.

(4) Pabahay at trabaho

Pangunahing pangangailangan ang bahay at trabaho para makamit ang maginhawang pamumuhay. Kapag natupad na ang ganitong pangangailangan, ay madali ding magkaroon ng pagkakabuklod-buklod ng mga mamamayan sa lipunan.

Ayon sa pagsisiyasat ng anyo ng tirahan, 34% ang sariling bahay, 51% ang bahay paupahan, 9.4% ang pabahay/dormitory ng kompanya, 0.8% ang dormitoryong pang-estudyante; mataas ang porsyento ng nakatira sa bahay paupahan, at ang detalye ng paninirahan ay 18% sa pampublikong pabahay at 33% sa pribadong pabahay. Saligan ng pamumuhay, trabaho atbp. ang pabahay kaya't kinakailangan ang pagbibigay ng impormasyon tungkol sa kaagad na masisigurong paraan ng pagpasok sa tirahan at iba pa.

Gumawa ng "Handbook ukol sa Paninirahan" para sa oras ng pagpasok sa pampublikong pabahay ng lungsod sa 3 wika, ngunit kinakailangang pagbutihin ang pagpapahayag sa publiko sa iba't iba pang wika ukol sa pampublikong pabahay ng lungsod upang makapagbigay ng impormasyon sa mga dayuhang residente. Kinakailangan ding magbigay ng impormasyon sa bagong dating na hindi nakakaalam ng kaugalian at kulturang Hapon ukol sa mga nakaugaliang gawi sa bansang Hapon tulad ng deposito, key money, at iba pang kaugnay sa kontrata sa oras ng pagpasok sa pribadong pabahay.

Ukol sa suliranin ng pabahay at trabaho, kasabay ng pagpukaw sa kamalayan ng mga kinauukulang negosyante upang walang diskriminasyon sa pagpasok sa tirahan, trabaho, suweldo at iba pa, kinakailangan ding magsumikap sa pagbibigay ng impormasyon kaugnay sa pagkakataong makapagtrabaho ng mga dayuhan at suportahan sila para sa madaliang pagtamo ng trabaho, sa pakikipagtulungan sa prefecture at bansa. Sa pagtanggap ng kawani ng lungsod, liban sa tungkulin ng bombero, ipinaluluwag ang kondisyon ng pagkamamamayan ("nationality") na kwalipikasyon sa pagsusulit.

(5) Edukasyon

Sa pagsisiyasat, may mga nagnanais ng suporta para sa ethnic minority school (*minzoku gakkō*) o mabigyan ng pagkakataong matuto ng wikang Hapon at kultura ng Hapon, at mayroon ding nagpapahayag ng pangamba sa pagpapatuloy ng pag-aaral at paghahanap ng trabaho sa hinaharap ng kanilang anak.

Sa edukasyon sa paaralan, kasabay ng pagtatakda ng tagapayo sa edukasyon at pagsasagawa ng pagtuturo ng wikang Hapon sa mga nanumbalik o dayuhang batang mag-aaral, nagsasagawa rin ng pagsuporta tulad ng sariling pagpapahintulot bilang

kwalipikasyon sa pag-apply sa Pamantasan ng Lungsod ng Hiroshima (Hiroshima City University) ng pagtatapos sa paaralan para sa dayuhan at iba pa.

Sa kabilang dako, hindi nauunawaan ang lahat ukol sa kalagayan ng pagpasok sa paaralan ng dayuhang batang mag-aaral na walang obligasyong pumasok sa paaralan, at mayroong pagnanais para sa suporta sa pagpasok sa paaralan. Bukod dito, ukol sa mga magulang o tagapag-alaga (*hogosha*), may nahihirapan dahil hindi sila marunong ng wikang Hapon kaya't hindi nila matulungan ang kanilang anak sa pag-aaral, dahil sa pasaning pinansyal tulad ng gastusin sa edukasyon at iba pa.

Nagsisikap ang lungsod ng Hiroshima sa pagkandili ng “Tiyak na Kakayahan sa Pag-aaral,” “Magandang Kalooban” at “Malusog na Katawan” sa lahat ng batang mag-aaral. Ukol sa dayuhang batang mag-aaral, una, kailangan ang pagsulong sa pagpasok sa paaralan, at kinakailangan ding pag-aralan ang paraan ng pagsuporta batay sa tunay na kalagayan ng pagpasok sa paaralan at iba pa.

Kinakailangan ding pag-aralan ang pagpapabuti ng organisasyong para sa konsultasyon kaugnay sa pag-aaral, pamumuhay, patutunguhang landas ng dayuhang batang mag-aaral.

Sa edukasyong panlipunan, kaunti ang pagkakataong masanay sa kultura at sistema ng bansang Hapon, tradisyon atbp, kaya't para sa mga bagong dating na nakakaramdam ng pangamba sa pamumuhay, kasabay ng pagdaos ng pagtuturo ng wikang Hapon, proyekto para sa international exchange atbp. sa mga pampublikong gusali, naglalaan din ng materyales tulad ng pagpapahiram/pagpapabasa ng mga aklat na nakasulat sa wikang dayuhan sa aklatan at sa International Youth House.

Upang maisulong ang paggamit ng pasilidad at proyekto sa hinaharap, kasabay ng pagpapabuti ng paraan ng pag-PR at pagpapahayag sa publiko ukol sa nilalaman ng aralin, magsusumikap din ang lungsod sa pagsasagawa ng proyekto at pagbibigay ng materyales ukol sa multikultural na pakikipag-ugnayang tumutugon sa pagbabago ng panahon sa loob ng pag-iiba't iba ng nasyonalidad ng mga dayuhang residente. Kinakailangan ding pag-aralan ang pagpapabuti ng suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon ng mga dayuhang residenteng hindi sanay sa wikang Hapon, at suportahan upang maisulong ang komunikasyon nila sa mga residenteng Hapones.

Sa kabilang dako, may nagsasabi namang “Gusto kong pag-aralin ang anak ko tungkol sa salita at kultura ng aking inang bayan,” “Gusto ko ng taong mapagkokonsultahan bukod sa pamilya, kamag-anak at guro tungkol sa edukasyon ng aking anak,” at kinakailangang pag-aralan ang tiyak na pagsisikap para rito.

(6) Pag-angat ng kamalayan sa karapatang pantao at pag-uunawaan

Sa pagsisiyasat, sa katanungan kung nakaramdam ng diskriminasyon sa lipunang Hapon dahil sa pagiging dayuhan, 80% sa kalahatan ang sumagot na nakaranas ng matindi o bahagyang diskriminasyon.

Nakakaramdam ng diskriminasyon o masamang pagtingin ang mga bagong dating mula sa mga bansa ng Europa, Amerika, gitnang Amerika at timog Amerika,

Pilipinas at iba pang mga bansa sa Asya (Korea, Tsina, at mga bansa sa Asya liban sa Pilipinas. Ganito rin sa sumusunod) sa paghahanap ng trabaho, sa pinagtatrabahuhan, sa pag-apply para sa credit card, paghahanap ng tirahan atbp. At para sa mga bukod-tanging permanenteng residente naman, sa karapatang politikal, pagpapakasal sa Hapones, paghahanap ng trabaho, paghahanap ng tirahan at iba pa. Maging sa pamumuhay ng mga bata, matutukoy ang pang-aapi (bullying) at karanasan ng diskriminasyon.

Hindi suliranin ng dayuhan mismo ang diskriminasyon o masamang pagtingin sa mga dayuhan, kundi suliranin ito ng kamalayan ng Hapones sa mga dayuhan.

Sa pagsisiyasat ng kamalayan ng mga residenteng isinagawa ng lungsod ng Hiroshima noong taong piskal na 2012 (Heisei 24), 81.7% ng mga residente ang sumagot na “Sang-ayon” “Kung papipiliin, sang-ayon” sa pananaw ng multikultural na pakikipag-ugnayan. Sa kabilang dako, 6.0% ng mga residente naman ang sumagot ng “Hindi makasang-ayon” “Kung papipiliin, hindi makasang-ayon.” Matutukoy bilang pangunahing dahilan dito ang “Bagay kaugnay sa kaugalian sa pamumuhay, moral/manners” “Bagay kaugnay sa suliraning internasyonal” “Walang pakikitungo sa dayuhan” at iba pa.

May lumitaw ring pahayag, kilos at iba pang pagtataboy sa mga dayuhan sa loob ng bansang Hapon nitong mga nakaraang taon.

Sa lungsod ng Hiroshima, bukod sa pamamahagi ng mga materyales para sa pagpukaw tulad ng iba’t ibang pamphlet, pagsasagawa ng proyekto tulad ng lektura, pagtatanghal ng panel tungkol sa karapatang pantao atbp, nagdaraos din ng mga kurso sa Pag-unawang Internasyonal at kurso sa Edukasyon sa Karapatang Pantao sa mga pampublikong gusali, pagdiriwang ng Sister/Friendship City Day, International Exchange/Cooperation Day, at nagsasagawa rin ng seminar para sa mga kawani kaugnay sa suliranin sa karapatang pantao ng mga dayuhan.

Kinakailangang magsikap mula ngayon upang lalo pang mapalalim ang pag-unawa tungkol sa suliranin sa karapatang pantao ng mga dayuhang residente at multikultural na pakikipag-ugnayan, at mapalawak ang pagkakataon ng pagtatanggap sa isa’t isa at mapabuti ang nilalaman upang makatugon sa pagdami at pag-iiba’t iba ng nasyonalidad ng residenteng dayuhan habang nakikipagtulungan sa mga residente, grupong boluntaryo at iba pa.

(7) Tulong para sa mga dayuhang estudyante

Tungkol sa mga dayuhang estudyante, inaasahang maging masigasig sila bilang tulay sa pagitan Japan at kani-kanilang mga bansa sa hinaharap, tumulong bilang sa pag-unlad hindi lamang ng kanilang inang bayan kundi pati ng Japan bilang may-kakayahan at may-talinong tao, at umalalay sa internasyonal na pakikitungo at pakikipagtulungan.

Sa bansang Hapon, itinipon noong 2008 (Heisei 20) ang kabuuran ng “Panukala para sa 300,000 Dayuhang Estudyante” na naglalayong tumanggap ng 300,000 dayuhang estudyante sa pagsapit ng taong 2020 (Heisei 32) bilang bahagi ng pagbunyag ng “Global Strategy” na nagpapalawak sa pagdaloy ng gamit, tao, pera

at impormasyon sa pagitan ng Asya, ng mundo at ng Japan bilang lalong nakabukas na bansa sa mundo.

Nakasaad dito ang (1) pag-anyaya sa pag-aaral sa Japan, (2) pagbabago sa mga pasukang pagsusulit para sa pagpasok, pagpasok sa paaralan, pagpasok sa bansa, (3) pagbubunsod ng globalisasyon ng pamantasan atbp, (4) pagbuo ng kapaligiran ng pagtanggap at (5) pamamalakad sa pagbubunsod ng pagtanggap sa lipunan pagkatapos ng graduation o ng kurso.


Sa kasalukuyang katapusan ng Marso 2013 (Heisei 25), nakatira sa lungsod na ito ang 1,208 dayuhang estudyante, at ukol sa proporsyon ayon sa nasyonalidad, 78.1% ang Tsina, 9.4% ang Vietnam, 3.1% ang Korea, 6.3% ang iba pang bansa sa Asya, sumasaklaw sa 96.9% ang dayuhang estudyante mula sa Asya. (Figure 9)

Sa lungsod ng Hiroshima, itinayo ang International House noong Abril 2001 (Heisei 13), at tumutulong ito sa tirahan at exchange. Hanggang 100 sambahayan ang maaaring tumira sa International House kaya't maraming dayuhang estudyante ang namumuhay sa dormitoryong pang-estudyante o iba pang bahay paupahan.

Nagtatag naman ang Hiroshima Peace Culture Foundation ng “Hiroshima Foreign Students Fund” at nagbibigay ng “Hiroshima Scholarship” sa mga dayuhang estudyanteng nag-aaral sa sariling gastos.

Bukod dito, nagkaisa ang mga munisipyo, pamantasan atbp. sa loob ng Hiroshima prefecture at noong Abril 2011 (Heisei 23) naitatag ang Hiroshima Support Center for International Students upang maisagawa ang pagsulong sa pagtanggap, suporta sa pag-aaral at pamumuhay, suporta sa paghahanap ng trabaho atbp. para sa mga dayuhang estudyante, at kalahok din dito ang lungsod.

Kasabay ng pagsulong ng pakikitungo sa pagitan ng mga dayuhang estudyante at residente sa pamamagitan ng pagsuporta ng grupong boluntaryo sa pamumuhay ng dayuhang estudyante, pagdaos ng pagdiriwang atbp, kinakailangan pa rin ang patuloy na pagbubunsod ng suporta sa mga dayuhang estudyante tulad ng pagsasagawa ng konsultasyon sa pamumuhay, seminar pansuporta sa paghahanap ng trabaho at iba pa.




(8) Pakikilahok sa Lipunan

Upang masalamin ang opinyon ng mga dayuhang residente sa pamahalaan ng lungsod, sa questionnaire ng kamalayan ng residente kaugnay sa pagpapaunlad ng bayan at palakad ng lungsod, isinasagawa ang pag-aaral kasama ang mga dayuhang

residente, at binibigyan din ng karapatang bumoto sa ang mga bukod-tanging permanenteng residente at permanenteng residenteng 18 taong gulang pataas sa referendum sa usaping ukol sa pangangasiwa sa pamahalaan ng lungsod na magdudulot ng malaking impluwensiya sa pamumuhay ng mga residente batay sa “Ordinansa hinggil sa Public Referendum sa lungsod ng Hiroshima” (“Hiroshima City Public Referendum Ordinance”).

Ngunit sa panig ng pakikilahok sa lipunan, 51.7% ng mga dayuhang residente ang hindi nakikilahok sa samahan ng pamayanan/samahan ng mga residente at hindi masasabing sapat ang pakikipag-ugnayan ng dayuhang residente at lokal na residente ((Figure 10) ang proporsyon ng hindi nakikilahok sa grupo at iba’t ibang aktibidad: pagtitipon sa pook 49.5%, pagtitipon para sa international exchange 67.7%, aktibidad ng PTA 20.6%). Kinakailangang maghanda ng kapaligiran kung saan madaling makalalahok ang mga dayuhang residente sa aktibidad sa pook, magsikap na mapalawak ang pagkakataon at puwang para maisalamin ang opinyon ng mga dayuhang residente sa pamahalaan ng lungsod, tulad ng pagbibigay ng impormasyon upang maisulong ang pagsali sa grupo sa pook at pakikibahagi sa aktibidad sa pook, at maihatid ang ganitong impormasyon sa mga residente.



4 Kalagayan at Isyu ng Bagong Dating at ng Bukod-Tanging Permanenteng Residente

Sa resulta ng ika-2 pag-aaral at batay sa opinyon mula sa Pagpupulong ng mga Residente para sa Multikultural na Pakikipag-ugnayan sa Lungsod ng Hiroshima (dating Pag-uusap ukol sa Palakad sa mga Dayuhang Residente ng Lungsod ng Hiroshima) at sa kalagayang panlipunan nitong mga nakaraang taon, matutukoy bilang katangian ang mga sumusunod na kalagayan kapag tiningnan nang bukod ang bagong dating at bukod-tanging permanenteng residente.

(1) Bukod-Tanging Permanenteng Residente

- a Hindi sapat ang pag-unawa ukol sa serbisyong pangkawanggawa ng pamahalaan at hakbang sa pagsuporta sa pamumuhay tulad ng pensyon, long-term care insurance atbp, at hinahangad na maipaalam sa lahat ng nangangailangan nito. (Proporsyon ng hindi nakakaalam ng serbisyo: pagsasalin (interpretation) sa long-term care insurance 71.5%, benepisyo ng pagkakawanggawa 61.3%, gastusing medikal ng pagkakawanggawa 44.8%)
- b Hinahangad ang pagbabago sa sistemang pambatas para sa mga walang pensyon at pagpapabuti ng sariling sistema ng benepisyo ng lungsod ng Hiroshima.
- c Hinahangad ang sapat na pagtugon sa pag-aalaga (*kaigo*) at iba pang isinasaalang-alang ang taas ng porsyento ng kawalan ng karunungan magbasa at magsulat ng mga sa loob ng pagdami ng bilang ng matatanda. (Hindi marunong magbasa 2.4%, hindi marunong magsulat 3.5%)
- d Kasabay ng paghahangad ng pagsisiguro ng sistema kung saan makakamit ang karapatang bumoto tulad ng sistema sa ordinansa hinggil sa public referendum at maaaring makibahagi sa karaniwang pamahalaan, hinahangad din ang pagpapabuti ng pagbibigay ng impormasyon upang maisulong ang pakikibahagi sa aktibidad sa pook.
- e Hinahangad ang pagpapabuti ng suporta sa mga paaralan para sa dayuhan.

(2) Bagong dating

- a Hinahangad na lalo pang maipaalam sa lahat dahil hindi sapat ang paghahatid ng impormasyon ng pamahalaan at impormasyon sa pamumuhay sa mga taong nangangailangan nito. (Sa pangkalahatan, mababa ang antas ng kaalaman ng mga nanumbalik mula sa Tsina at mga mula sa iba pang bansa sa Asya.)
- b Hinahangad ang pagpapabuti ng tanggapang pangkonsultasyon sa iba't ibang wika. (Dahil hindi makapagkomunikasyon nang sapat sa wikang Hapon at hindi sanay sa mga proseso ng iba't ibang sistema sa bansang Hapon ang mga nanumbalik mula sa Tsina at mga mula sa iba pang bansa sa Asya, mula sa mga bansa sa gitnang Amerika at timog Amerika at mga bansa ng Europa at Amerika, mababa ang proporsyon ng taong sumagot na "Nahirapan ako sa tanggapan ng pamahalaan." Iba pang bansa ng Asya 56.9%, bansa sa gitnang Amerika at timog Amerika 54.2%, mga bansa sa Europa at Amerika 53.8%, nanumbalik mula sa

Tsina 51.9%)

- c Hinahangad ang pagbibigay ng impormasyon at pag-aayos ng kapaligiran kung saan madaling makalalahok para sa mga taong nangangailangan ng pagkakataong mag-aral ng wikang Hapon, kaugalian, kultura at iba pang kinakailangan sa pamumuhay.
(“Walang oras dahil abala sa trabaho at pagpapalaki ng anak,” “Walang kaluwagang pinansal (kaugnay rin ng pagka-abala sa trabaho),” “Walang impormasyon tungkol sa pagtuturo ng wikang Hapon,” “Walang pagtuturo ng wikang Hapon (*Nihongo kyōshitsu*) na nababagay sa sariling pangangailangan” at iba pa ang mga dahilan sa pagsagot na “Gusto kong pumunta pero hindi makapunta” sa pagtuturo ng wikang Hapon.)
- d Nag-aatubili sa paglahok sa pamayanan dahil hindi sanay sa wikang Hapon at hindi makaganap ng komunikasyon sa pamayanan mula sa nakatira sa kapitbahayan. Hinahangad ang pagbubuo ng kapaligiran kung saan madaling makalalahok ang mga dayuhang residente sa pagtitipon sa pook atbp. (Ukol sa pagtitipon sa pook, higit sa 20% ng mga nanumbalik mula sa Tsina, mga tao mula sa Tsina liban sa nanumbalik, Pilipinas at iba pang bansa sa Asya ang “Hindi nakikilahok sa kasalukuyan ngunit nais makilahok sa hinaharap.”)
- e Hinahangad ang pagbubuo ng organisasyong pansuporta at pagbibigay ng impormasyon sa iba’t ibang wika sa oras ng sakuna at emergency, sa pagpapagamot at iba pa.

III Mga Layunin at Aspeto sa Pagpapaunlad ng Multikultural na Lipunan

Magsisikap sa mga sumusunod na aspeto nang may layunin ng “Pagbubunsod ng pagpapaunlad ng lipunang nagsasaalang-alang sa pamumuhay ng dayuhang residente” at “Pag-angat ng kamalayang multikultural ng mga residente” upang maisaganap ang multikultural na lipunan kung saan kinikilala bilang miyembro ng pamayanan ang mga dayuhang residente, tinatanggap ang pagkakaiba ng bawat isa anuman ang nasyonalidad o wika, at may paggalang sa isa’t isa.

- 1 Magsusumikap sa pag-aayos ng organisasyong pangkonsultasyon at pagpapaalam sa lahat ng impormasyon kaugnay sa pamumuhay sa wikang Hapong madaling maintindihan at sa iba’t ibang wika upang maipaabot ang kailangang serbisyo ng pamahalaan sa mga dayuhang residente, panandaliang nanatili tulad ng turistang dayuhan at iba pang hindi sanay sa wikang Hapon.
- 2 Magsusumikap sa pagbibigay ng naangkop na suporta sa pamumuhay, serbisyo ng pamahalaan at suporta kaugnay sa edukasyon upang hindi makaramdam ang dayuhang residente ng kakulangan sa pamumuhay sa Hiroshima.
- 3 Magsusumikap sa pagbubunsod ng proyektong pang-edukasyon at proyekto ng pagpukaw para sa pag-angat ng kamalayan sa karapatang pantao tulad ng pagdaraos ng pagpupulong ng pag-aaral sa iba’t ibang suliranin ukol sa karapatang pantao, sa International Convention on the Elimination of All Forms of Racial Discrimination at iba pa upang maalis ang diskriminasyon at masamang pagtingin sa mga dayuhan.
- 4 Magsusumikap sa pagbibigay ng pagkakataon para sa pakikitungo sa isa’t isa at pagkakaintindihan ng mga residente tulad ng aktibidad sa pook na madaling malalahukan ng residenteng dayuhan, proyekto kaugnay sa multikultural na pakikipag-ugnayan at iba pa upang maisulong ang pakikibahagi ng dayuhang residente sa lipunan at maiangat ang kamalayan sa pakikipag-ugnayan ng mga residente.

IV Mga Susunod na Hakbang sa Multikultural na Pagpapaunlad

1 Pagpapaalam sa Lahat ng Impormasyon kaugnay sa Pamumuhay at Pag-aayos ng Organisasyong Pangkonsultasyon

- (1) Konsultasyon at pamamahagi (pagbibigay) ng impormasyon
 - a Ukol sa homepage ng lungsod ng Hiroshima, kasabay ng pagsulong ng pagsasalin sa iba't ibang wika ng impormasyon habang isinasaalang-alang ayon sa nilalaman ang antas ng pangangailangan at kung ano ang dapat unahin sa larangan ng pamumuhay ng mga dayuhang residente, pagsisikapan ang pagsasalin sa iba't ibang wika ng impormasyon upang maisulong ang pagbisita ng mga panandaliang nananatili mula sa mga dayuhang turista.
 - b Pagbutuhin ang paraan ng pagbibigay at nilalaman ng impormasyon bilang pagtugon sa pag-iba't iba ng kasangkapan sa pagbibigay ng impormasyon.
 - c Gagawa sa iba't ibang wika at ipamamahagi ang "Patnubay sa Pamumuhay" na manwal sa pamumuhay para sa mga dayuhang residente.
 - d Kasabay ng pagsulong ng pagsasalin sa iba't ibang wika at paglalagay ng Hiragana pati sa iba't ibang mga inilimbag na materyal, pag-aaralan din ang pagbibigay ng impormasyon sa wikang Hapong madaling maintindihan.
 - e Makikipag-tulungan sa mga kinaukulang institusyon, at pagsisikapan ang pagpapabuti ng pangkalahatang tanggapang pangkonsultasyon para sa mga dayuhang residente.
 - f Pagsisikapan ang pagpapaalam sa lahat ng International Exchange Lounge, at pagsisikapan ang pagsulong sa pakikinabang sa 3-person interpretation system at pagpapabuti sa pagbibigay ng impormasyon.
 - g Patuloy na isasagawa ang sistema ng pagpapadala ng boluntaryong tagasalin sa mga pampublikong institusyon, paaralan at iba pa.
 - h Ukol sa pagbibigay ng impormasyong may kinalaman sa kabuhayan, magsisikap sa mas epektibong pagbibigay ng impormasyon na tumutugon sa pangangailangan ng mga dayuhang residente katulong ang mga NPO at iba pa.
 - i Pagsisikapan ang pagpapabuti sa pagbibigay ng impormasyon sa turismo, pagkain, matutuluyan at iba upang masiyahan nang husto sa kanilang pananatili sa Hiroshima ang mga panandaliang nananatili mula sa mga dayuhang turista.
 - j Isusulong ang pagsasalin sa iba't ibang wika ng mga karatula sa kalsada, pananda ng bloke sa bayan, pananda sa loob at labas ng mga pasilidad at iba pa.
- (2) Kalusugan, pagpapagamot, pagkakawanggawa at pensyon
 - a Magsisikap sa pagpapaalam sa lahat at pagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika tungkol sa iba't ibang proyektong pangkalusugan at iba pa.
 - b Pag-aaralan ang kinakailangang serbisyo ng pamahalaan tulad ng pagpapadala ng tagasalin sa mga proyektong pangkalusugan at proyektong pangkawanggawa.
 - c Makikipagtulungan sa mga NPO at iba pa at pag-aaralan ang nararapat na kalagayan ng sistema ng pagsasalang medikal.
 - d Magsisikap sa pagbibigay ng impormasyon kaugnay sa mga institusyong

medikal kung saan maaaring magpatingin sa iba't ibang wika.

- e Pagsisikapan ang pakikipagtulungan sa mga samahan ng doktor at iba pa upang mapabuti ang pagsasalin sa iba't ibang wika ng mga panandang panggabay sa loob ng ospital.
- f Pagsisikapan ang pagpapabuti sa pagpapahayag sa publiko at iba pa para sa pagsulong ng pagsapi sa pampublikong pensyon sa pakikipagtulungan at kooperasyon ng Japan Pension Service, gagawa ng libreto ng gabay sa sistema sa iba't ibang wika at magsisikap sa pagpapaalam sa lahat ukol sa sistema.
- g Palalalimin ang pag-unawa tungkol sa karapatang pantao ng dayuhang residenteng biktima ng DV* o Domestic Violence, pinsala ng DV at iba pa, at pag-aaralan ang pagtungon sa mga konsultasyong may kinalaman sa DV sa pakikipagtulungan sa mga kinauukulang institusyon.

(3) Pag-iwas sa sakuna at emergency

Pagsisikapang mapabuti ang libreto ng panggabay na naglalaman ng paraan ng pag-ulat sa 119 at impormasyon sa pag-iwas sa sakuna, at ibibigay ito sa mga panandaliang nanatili tulad ng mga dayuhang turista, sa mga dayuhang residente at sa mga pasilidad na tinutuluyan (hotel at iba pa).

(4) Pabahay at trabaho

- a Pagsisikapan ang pagpapabuti ng pagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika tungkol sa pagpasok sa pampublikong pabahay ng lungsod.
- b Pag-aaralan ang pakikipagtulungan sa mga kinauukulan tungkol sa mga paraan ng pagbibigay sa iba't ibang wika ng impormasyon sa pabahay tulad ng mga nakaugaliang gawi at iba pang may kinalaman sa kontrata.
- c Pagsisikapan ang pakikipagtulungan sa prefecture at bansa tungkol sa pagbibigay ng impormasyong may kinalaman sa pagtatrabaho tulad ng kondisyon sa pagpasok sa trabaho, sahod at iba pa upang maisulong ang pagpasok sa trabaho ng mga dayuhang residente.

(5) Edukasyon

- a Palalawakin ang pagkakataon at sakop para sa pagbibigay ng impormasyon at magsisikap sa pagsasalin sa iba't ibang wika at paglalagay ng Hiragana sa mga impormasyong may kinalaman sa edukasyon tulad ng gabay sa pagpasok sa paaralan at sistema ng tulong sa pagpasok sa paaralan ng mga dayuhang residente.
- b Pagsisikapan ang pagpapabuti ng mga pahayagan, magasin at iba pa sa wikang dayuhan sa mga aklatan at iba pa.
- c Pagsisikapan ang pagsasalin sa iba't ibang wika ng buod (leaflet) ng pasilidad tulad ng ward sports center at iba pa.

2 Suporta sa Pamumuhay, Pagbibigay ng Serbisyo ng Pamahalaan at Suporta kaugnay sa Edukasyon

- (1) Kalusugan, pagpapagamot, pagkakawanggawa at pensyon
 - a Patuloy na mananawagan sa bansa tungkol sa pagbabago ng sistema para sa mga dayuhang senior citizen at may kapansanan na walang pensyon.
 - b Hanggang maganap ang pagbabago ng sistema ng bansa, sa pakikipagtulungan sa prefecture, pag-aaralan ang pagpapabuti ng sistema ng benepisyo at pagsisikapan ang pagpapaalam sa lahat ng sumasailalim sa sistema.
 - c Ukol sa hakbang ng pagpupuno sa hindi pa nababayaranang gastusing medikal na kinailangan sa “emergency medical treatment”*, batay sa takbo ng palakad ng bansa, isusulong ang pag-aaral sa pakikipagtulungan at kooperasyon ng prefecture.

- (2) Pag-iwas sa sakuna at emergency
 - a Isusulong ang paglahok sa pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna sa kondominyum at sa pook.
 - b Pag-aaralan ang suporta para sa mga dayuhan sa panahon ng sakuna tulad ng mabisang palakad kaugnay sa kasangkapan ng pagpapahatid ng impormasyon sa oras ng sakuna, payo/utos ng paglisan at iba pa.

- (3) Trabaho

Magsisikap na sapat na maipalam sa lahat ang pagkakatong kumuha ng pagsusulit tungkol sa Pagsusulit ng Serbisyon Sibil at Pagsusulit ng Paglilingkod bilang Guro.

- (4) Edukasyon
 - a Magsisikap sa pagparami at pagsiguro ng mga tagaturo para sa pagpapabuti ng pagtuturo ng wikang Hapon sa mga nanumbalik at dayuhang batang mag-aaral, at pagsisikapan ang pagpapagaling ng kakayahan sa wikang Hapon para sa pagsulong ng pag-unawa sa pamumuhay at kultura ng bansang Hapon, tradisyon at iba pa, at para magkaugat ang nilalaman ng pundamental at pangunahing pinag-aralan.
 - b Ukol sa edukasyonal na aktibidad ng mag-aaral sa kindergarten, bata at mag-aaral sa paaralan para sa dayuhan, pag-aaralan ang pagtugon batay sa pangangailangan ng suporta sa pagpasok sa paaralan at iba pa.
 - c Kasabay ng pagsisikap sa pag-unawa ng tunay na kalagayan ng hindi pagpasok sa paaralan at hindi pagpunta sa paaralan ng mga dayuhang batang mag-aaral, pag-aaralan ang pagtugon dito.
 - d Kasabay ng pagsisikap sa pag-aayos ng organisasyong pangkonsultasyon para sa pamamatnubay sa tatahaking landas ng dayuhang mag-aaral, pagsisikapan ang pagpapabuti ng training sa mga tauhan ng paaralang itatalaga sa pamamatnubay. Pag-aaralan din ang mga palakad sa pagsuporta tulad ng pagpapagaling ng

kakayahan sa wikang Hapon na kailangan para sa pagtuloy sa mataas na paaralan ng batang mag-aaral na nakatapos ng kurikulum ng sapolitang edukasyon at iba pa.

- e Makikipagtulungan sa prefecture at bansa, at susuportahan upang ituring ang pagtatapos sa paaralan para sa dayuhan bilang kwalipikasyon sa pagtuloy sa susunod na antas ng edukasyon at paghahanap ng trabaho.
- f Pag-aaralan ang pagsisiguro ng pagkakataon para sa mga batang matuto ng salita at kultura ng kanilang inang bayan at ng ibang bansa, at para sa pagsasamahan ng mga magulang o tagapag-alagang dayuhan ang nasyonalidad.

(5) Suporta sa mga dayuhang estudyante

- a Ipagpapatuloy ang pagsasagawa ng suporta sa paninirahan para sa mga dayuhang estudyante.
- b Kasabay ng patuloy na pagsasagawa ng suporta sa pamumuhay na pinakikinabangan ang “Hiroshima Foreign Students Fund,” pag-aaralan ang mabisang palakad sa pagsuporta sa mga dayuhang estudyante.
- c Ibubunsod ang suporta para sa mga dayuhang estudyante tulad ng pagsasagawa ng konsultasyon sa pamumuhay, seminar pansuporta sa paghahanap ng trabaho at iba pa.

3 Pagsulong ng Edukasyon at Pagpukaw sa Karapatang Pantao

(1) Pabahay at trabaho

- a Makikipagtulungan sa prefecture at bansa, at pagsisikapan ang pagpukaw sa mga mangangalakal ng pabahay, lupa at gusali at iba pa upang hindi mahigpitan ang pagpasok sa tirahan ng mga dayuhan kaugnay sa pribadong pabahay.
- b Makikipagtulungan sa prefecture at bansa, at pagsisikapan ang pagpukaw sa mga negosyanteng tumatanggap ng dayuhang empleyado upang masaklaw sa pantay at makatarungang kondisyon sa pagtatrabaho ang mga dayuhan.

(2) Edukasyon

- a Magsisikap sa pagbibigay ng pagkakataon ng pag-aaral upang mapalalim ang pag-unawa tungkol sa paggalang sa karapatang pantao tulad ng pag-aaral upang maunawaan ang kultura at kaugalian ng mga dayuhan, pag-aaral tungkol sa International Convention on the Elimination of All Forms of Racial Discrimination at iba pa.
- b Magsasagawa ng training ng tauhan ng paaralan na tumutugon sa pagbabago sa lipunan, at magsisikap sa pagpukaw ng kamalayan at pagpapagaling ng lakas sa pamamantnubay ng mga tauhan ng paaralan.

(3) Pag-angat ng kamalayan sa karapatang pantao at pagsulong ng pag-uunawaan

- a Ipagpapatuloy ang pagpapalawak ng proyekto sa pagpukaw para sa karapatang pantao tulad ng paggawa at pamamahagi ng pamphlet sa pagpukaw para sa karapatang pantao, pagdaraos ng lektura at iba pa, at pagbutihin ang pagkakataon sa pagpukaw para sa karapatang pantao ng mga tagapatnubay sa pagpukaw sa mga kumpanya, grupo at iba pa.
- b Makikipagtulungan sa kapisanan ng mga abogado, mga kinatawan sa proteksyon ng karapatang pantao, prefecture at bansa at magsisikap sa pagpukaw sa suliranan ukol sa karapatang pantao.
- c Magsasagawa ng training ng mga kawani na tumutugon sa pagbabago sa lipunan, at magsisikap sa pag-angat ng kamalayan ng mga kawani.

4 Pagsulong sa Pakikibahagi sa Lipunan at Pag-angat ng Kamalayan sa Pakikipagsamahan ng Dayuhang Residente

- (1) Edukasyon
 - a Batay sa Programa ng Lungsod ng Hiroshima para sa Pagsususog ng Edukasyon, itataguyod ang edukasyon sa karapatang pantao, internasyonal na pakikitungo, edukasyon sa internasyonal na pag-unawa at iba pa.
 - b Kasabay ng pagsisikap sa pagpapaalam sa lahat ukol sa mga pasilidad sa edukasyong panlipunan, itataguyod din ang mga proyekto ng pagsulong ng pagpapagaling ng kakayahan sa wikang Hapon at pag-unawa sa pamumuhay, kultura at mga kaugalian sa bansang Hapon ng mga dayuhan.
 - c Magsisikap na magbigay ng lugar kung saan maaaring magsamahan ang mga dayuhang residente at residenteng Hapones.

- (2) Pag-angat ng kamalayan sa karapatang pantao at pagsulong ng pag-uunawaan
 - a Kasabay ng pagsasagawa ng aktibidad sa pagpukaw hindi lamang para sa mga residente kundi para sa mga kumpanya, grupo at iba pa upang lalong mapalalim ang pag-unawa at kamalayan tungkol sa multikultural na pakikipag-ugnayan, pag-aaralan din ang nararapat na kalagayan ng pag-unawa at pakikitungo kaugnay sa multikultural na pakikipag-ugnayan.
 - b Pagsisikapan ang pagpapalaganap ng “Universal Design”* sa pamahalaan, mga kumpanya at iba pa.
 - d Kasabay ng pagbubunsod ng proyekto sa pagsasamahan sa pagitan ng mga residente, higit na itataguyod ang pakikibahagi ng mga dayuhang residente sa bawat proyekto.
 - e Palalaksin ang pakikipagtulungan sa pamahalaan, mga residente, grupong boluntaryo at iba pa.

- (3) Suporta sa mga dayuhang estudyante
 - a Palalawakin ang pagkakataong makapag-aral ng mga dayuhang estudyante ng wikang Hapon, kaugalian sa pamumuhay at kultura.
 - b Palalawakin ang pagkakataong magsamahan ng mga dayuhang estudyante at mga residente.

- (4) Pagbubunsod ng palakad sa residente at pakikilahok sa lipunan
 - a Kasabay ng pagsisikap upang makasiguro ng pagkakataon at puwang para pakinggan ang mga opinyon ng mga dayuhang residente upang masalamin ang opinyon ng mga dayuhang residente sa pamamahala ng lungsod, magbibigay din ng impormasyon kaugnay rito.
 - b Magsisikap sa pag-aayos ng kapaligiran kung saan madaling makalalahok ang mga dayuhang residente sa mga aktibidad sa pook tulad ng pagbibigay ng impormasyon ng pagtitipon sa pook at aktibidad sa pamayanan, at magsisikap sa pagpapalawak ng pagkakataong makibahagi ang mga dayuhan sa pagsasagawa ng proyekto sa pook.

Mga Paliwanag

Universal Declaration of Human Rights (Paunang Salita)

Ginanap ang “Universal Declaration of Human Rights” noong pangatlong General Assembly ng United Nations noong Desyembre 10, 1948. Pinagkasunduan dito ang pagkakaroon ng parehong sukatan at pamantayan sa lahat ng mga tao at mga bansa sa buong mundo. Bilang pagpuna sa ganitong deklarasyon, ipinatupad sa ikalimang General Assembly ng United Nations noong 1950 na gawing “Human Rights Day” ang Desyembre 10 ng bawat taon.

International Human Rights Code (Paunang Salita)

Alinsunod sa mga mungkahi ng “Universal Declaration of Human Rights”, ipinatupad din sa General Assembly ng United Nations noong 1966 ang ilang pangunahing patakaran at gabay. (A) Pangkalahatang patakaran ukol sa kultural, panlipunan at pang-ekonomiya, (B) Pangkalahatang patakaran ukol karapatang sosyal at politikal. Kasama na rin dito ang iba’t ibang alituntunin tungkol sa karapatang sosyal at politikal. Ang dalawang pangkalahatang patakaran (A at B) ay sinimulang ipatupad sa bansang Hapon noong Hunyo 1979.

Refugees Convention (Paunang Salita)

Noong 1951, may mga alituntuning ipinatupad ang United Nations tungkol sa pagkilala at pagtulong sa mga “refugees”. Noong 1981, pinagtibay ng pamahalaang Hapon and Immigration Control Act, na siyang kumilala at nagbigay ng suporta sa pangangailangan ng mga “refugees” o mga tao na napilitang umalis sa kanilang bansa upang takasan ang ligalig sa kanilang sariling bayan

International Convention on the Elimination of All Forms of Racial Discrimination (Paunang Salita)

Ito ay isang internasyonal na kasunduan na ipinatupad noong December 1965 sa General Assembly ng United Nations kung saan iminumungkahi ang pag-aalis at pagtatanggì sa anumang uri ng diskriminasyon sa lahi at kultura sa lipunan. Itong kasunduan ay ipangtibay sa bansang Hapon noong 1995.

United Nations 10-year Domestic Course of Action for Human Rights Education (Paunang Salita)

Napagkasunduan noong 1994 sa General Assembly ng United Nations na simula sa 1995 hanggang 2004 ay ipapatupad ang “United Nations 10-year Domestic Course of Action for Human Rights Education”. Bilang tugon sa panawagang ito, nagpatalaga ang Punong Ministro ng bansang Hapon noong 1997 ng mga patakaran ukol sa edukasyon at pamamahayag sa mga mamamayan tungkol sa karapatang pantao.

Multikultural na Pagtutulungan (Paunang Salita)

Sama samang pagtanggap at pagkilala ng iba't ibang nasyonalidad at lahi sa iba't-ibang kulturang bumubuo sa lipunan at pagkakaroon ng pantay-pantay na pagtingin sa isa't isa.

Lupon ng mga Dayuhang Residente sa Hiroshima (pahina 1)

Sa layuning mahikayat ang pagsali ng mga dayuhan sa mga panlipunang gawain at mapangkingan ag kanilang mga mungkahi at opinyon, itinatag ang Lupon ng mga Dayuhang Residente sa Hiroshima noong Mayo 2001. Layon din nitong mapaibayo ang kooperasyon ng pamahalaan at mga mamamayang dayuhan at Hapones para sa kaunlaran ng lungsod. Sa pamamagitan ng lupon na ito, mapapakingan ang mga hinaing at mungkahi ng mga dayuhan at mapapaloob ang mga ito sa mga patakaran ng lungsod.

Bukod-Tanging Permanenteng Residente (pahina 3)

Dahilan sa hindi maipagkakait ang malaking impluensiya ng mga dayuhan sa lipunan, ipinatupad sa bansang Hapon ang "Immigration Control and Refugee Recognition Law". Naunang binigyan ng karapatan bilang bukod-tanging permanenteng residente ang mga taga-Korea at Taiwan na dati nang naninirahan sa bansang Hapon bago pa ang Pangalawang Digmaang Pandaigdig. Simula noong Noyembre 1991, nagkaroon din ng mga patakaran at limitasyon para sa mga Hapones na nag-iba ng nasyonalidad at mga dayuhan ukol sa pagpasok at paglabas sa bansang Hapon.

Bagong dating (pahina 3)

Ang mga "bagong datings" ay binubuo ng mga dayuhang naninirahan sa bansang Hapon na hindi matatawag na bukod-tanging permanenteng residente. Sa pamamagitan ng pag-amenda ng "Immigration Control and Refugee Recognition Law" noong 1990, pinahintulutang makapasok at makapagtrabaho sa bansang Hapon ang mga kamag-anak ng mga imigranteng taga-Brazil, Peru at iba pang bansa. Sa pamamagitan nito ay dumami ang bilang ng mga dayuhang pumasok sa bansang Hapon tulad ng galing sa Asya at Sentral at Timog Amerika bilang mga manggagawa, estudyante, mananaliksik sa syensya, kultura at ekonomiya. Dumami din ang bilang ng mga kamag-anak at pamilya ng mga Intsek na naninirahan sa bansang Hapon.

Ang "Visitors Industry" ng Hiroshima (pahina 4)

Maraming mga dayuhan na may iba't ibang layunin ang pumupunta sa Hiroshima kabilang na ang mga turista at mga bisita. Ito ay kapuna-puna maging para sa mga lokal na residente. Bilang tugon, nagmungkahi ang pamahalaan sa paggawa ng mga patakaran at plano para sa pagpapa-ayos at pagpapaganda ng lungsod na siyang nabuo noong Marso 2003. Pangunahing layunin ngayon ng lungsod ang pagkakaroon ng "visitor's doubling" o mas pagpapadami ng mga turista. Kaya, iminungkahi din ang pagpapaganda ng paligid at serbisyo para sa mga bisita.

Hiroshima City Referendum Ordinance (pahina 14)

Ang mga batas at patakaran ng lipunan ay may malaking epekto sa pamumuhay ng mga mamamayan. Kaya ang partisipasyon ng bawat mamamayan kasama na ang mga dayuhan sa mga pagbabago sa lipunan ay mahalaga. Halimbawa, sa mga panahong kailangang amendahin ang batas, o sa pagpipili ng mga bagong opisyaes ng lungsod, at iba pa ay kinakailangang mayroong referendum o eleksiyon kung saan ang karamihan ng mga mamamayan ay dapat pumirma at sumang-ayon sa mga planong pagbabagong ito. Lahat ng mga mamayan, maging Hapones man o dayuhang may edad na 18 taong gulang pataas ay pinapahintulatang makibahagi sa eleksiyon. Dagdag pa dito, kinakailangang nakakuha ng “Alien Registration” ng mahigit sa tatlong buwan ang mga dayuhang residente para makapag-boto sa lungsod ng Hiroshima.

NPO (pahina 18)

Ang NPO o tinatawag na “Non-Profit Organization” ay isang pribadong organisasyon. Nasasaad sa batas ng bansang Hapon ukol sa NPO na ang mga ito ay maari lamang magkaroon ng mga “small-scale” na proyekto na may maliit na badget.

DV (pahina 19)

Ang DV o “Domestic Violence” ay katagang pangkaraniwang nangangahulugan ng pag-aaway at kaguluhan sa isang relasyon tulad ng away ng mag-asawa. Ilang halimbawa nito ang pisikal na pag-aabuso tulad ng pagtadyak (physical violence), pamimilit sa pagsasalita tulad ng paninigaw (mental violence), o kaya pag-aabusong sekswal (sexual violence). Noong 2001, ipinatupad ang batas laban sa DV, pagpaparusa sa may kasalanan at pagbibigay proteksiyon sa biktima.

Tulong para sa “Emergency Medical Treatment” (pahina 20)

Ito ay para sa mga mamamayang hindi naka-rehistro sa medical insurance pero nagkaroon ng sakit o aksidente at hindi sapat ang kanilang pambayad para sa pagpapagamot. Ang sebisyonang ito ay nagpapahintulot sa pagpapagamot kahit 1/3 lng muna ang kanilang bayaran at unti-unti na lamang itong tutubusin. Ang patakarang ukol dito ay nag-iiba rin sa bawat munisipyo.

Universal Design (pahina 23)

Ito ay isang pamamaraan kung saan sa mga pagpapalano ay isinaalang-alang ang kapakanan ng lahat; maging para sa lalaki o babae, may kapansanan o wala, bata o matanda, Hapones man o banyaga. Noong Oktobre 2004 ay ginanap ang “Hiroshima Universal Design Meeting” kung saan pinag-usapan ang mga pamamaraan at alituntunin para mapaunlad ang lipunan habang tinatamasa ng mga mamamayan ang maginhawang pamumuhay.